



## **PAHAYAG SA MEDIA**

**PARA SA AGARANG PAGLALABAS:** Oktubre 13, 2021

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann - 415.760.0285

### **Nakipag-areglo ang Distrito ng Hangin para sa kaso laban sa Shell Oil Products US**

*Magbabayad ang refinery ng \$433,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin*

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Quality Management District) na pumayag na magbayad ng \$433,000 ang Shell Oil Products US para aregluhin ang mga paglabag sa dating refinery nito sa Martinez.

Kasama sa pag-areglo na ito ang 44 na paunawa ng paglabag na ibinigay sa kumpanya para sa hindi pagsunod sa mga regulasyon ng kalidad ng hangin sa panahon ng mga operasyon nito na pangunahing nangyari noong 2017, 2018 at 2019.

“Pangunahing prayoridad ng Distrito ng Hangin ang pagtitiyak na lahat tayo ay may malinis na nilalanghap na hangin,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang pag-areglo na ito ay isang paraan para papanagutin natin ang Shell Oil sa mga paglabag na ito sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin at patuloy na pangalagaan ang malinis na hangin para sa lahat ng residente ng Bay Area.”

Kasama sa mga paglabag na tinutugunan sa kasunduang ito ang:

- Pag-aapula sa mga flare pilot na nagreresulta sa mga emisyon ng mga total organic compound at hydrogen sulfide
- Iba't ibang labis na paglabag sa mga emisyon kasama ang mga paglabag sa pagkontrol ng hydrogen sulfide, sulfur dioxide, at nitrogen oxide; puwang sa selyo ng tangke; at nakikitang emisyon
- Iba't ibang paglabag sa pagbibigay ng pahintulot
- Pagpapanatili ng talaan, pagsubaybay, at pag-uulat ng mga paglabag

Ang lahat ng paglabag na humantong sa pakikipag-areglo na ito ay naitama na.

Nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng Mga Paunawa ng Paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang kailangang tumugon sa paunawa sa loob ng 10 araw at magsumite ng paglalarawan ng mga aksyon na gagawin nila para itama ang problema. Maaaring kasama sa mga aksyon na ito ang agarang pagpapatigil ng ilang operasyon o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aareglo ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Distrito ng Hangin tulad ng inspeksyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aareglo na ito.

[Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Distrito ng Hangin Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)